# BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 14 | 10.00 | JANUARY 2 - 8, 2023


# China ready to resume oil and gas talks with the Philippines

BEIJING/MANILA Jan 4 (Reuters) - China is ready to resume oil and gas talks and manage maritime issues "cordially" with the Philippines, China President Xi Jinping said on Wednesday, according to Chinese state television.

Xi was speaking to his Philippines counterpart Ferdinand Marcos Jr, who was on a three-day visit to Beijing.

Beijing territorial claims in the South China Sea, which is rich in oil, gas and fish and where about $3 trillion in ship-borne trade passes annually, had been a source of tension between it and some Southeast Asian countries, including the Philippines.

The Philippines had previously raised concerns over reported Chinese construction activities and the "swarming" of Beijing's vessels in disputed waters of the South China Sea.

"We also discussed what we can do to move forward, to avoid any possible mistakes, misunderstandings that could trigger a bigger

Turn to page 8

# PING REMULLA, DE SAGUN LYAMADO!

## *Special elections sa Cavite 7th Congressional District sa Peb. 25*

**ni ELI TAPARAN –** Inianunsiyo ng Commission on Elections (Comelec) na magsisimula sa Pebrero 25, 2023 ang eleksiyon para piliin ang bagong kongresista na kakatawan sa nabakanteng 7th Legislative District of Cavite.

Nabakante ang posisyon nang magbitiw si Congressman Jesus Crispin 'Boying' Remulla matapos tanggapin ang alok ni Presidente Bongbong Marcos na maging Justice Secretary.

Pinili ng Comelec si Commissioner Marlon Casquejo na siyang mangasiwa sa gagawing espesyal na halalan na may apat na aspiranteng naghain ng kani-kanilang certificate of candidacy.

Sila ay kapwa indipendyenteng sina Jose Angelito Domingo Aguinaldo at Michael Angelo Bautista Santos; at sina 7th District Board Member Crispin Diego 'Ping' Remulla, anak ni Justice Sec. Boying Remulla at dating Trece Martires City Mayor Jun de Sagun.



former Trece Martires City mayor Melencio de Sagun Jr.



Cavite Seventh District Board Member Crispin Diego 'Pinggoy' Remulla



Jose Angelito Aguinaldo



Micheal Angelo Santos

Ayon sa pulso ng mga botante, magiging mahigpit ang labanan nina Bokal Ping at dating Mayor De Sagun sa takbuhan ito sa pagka-kongresista ng 7th District -- na binubuo ng mga bayan ng Amadeo, Tanza, Indang at Trece Martires City.

Bagaman at hindi inaalis ang 'milagrong' pumili ng bagong mukha sa politika mula kina Aguinaldo at Angelo.

May kabuuang 365, 184 rehistradong botante mula sa 116 barangay ng 7th District, ayon kay Comelec executive director Atty. Teopisto Elnas.

Hindi manual ang pagboto at pabilang ng mga boto, sabi ni Elnas at ang gagamitin ay vote counting machines (VCMs).

"For purposes of submission of results at the precinct level, we will not be having a transmission," sabi ni Elnas.

Dagdag nito: "Manually, they will bring the SD Cards to the municipal Board of Canvassers to be uploaded and be included in the canvassing."

Lahat ng naipon resulta ng botohan ay pagsasama-samahin para dalhin sa provincial board of canvassers at muli ay bibilanginat ang kabuuang resulta ng magtatamo ng pinakamaraming boto ang siyang ipoproklamang nanalo, ayon sa Comelec.

Bago ang aktuwal na botohan, tetestingin ang VCMs kung gagana nang mahusay at maayos kung magkakaroon ng aberya, sabi ni Elnas.

Bibigyan din ng mga gabay at aaralin ng mapipiling miyembro ng board of canvassers para sa maayos na paggamit ng mga VCMs at iba pang gamit sa eleksiyon.

Sa nakaraang eleksiyon ng 2022, walang katunggali si Sec. Remulla na kumabig ng botong 202,784.

Dati ring gobernador ng Cavite si Sec. Boying na panganay na anak ng yumaong dating Gov. Juanito 'Johnny' Remulla Sr.

Siya ang unang kongresista ng 7th District natapos itong buuin noong 2009, at muling nahalal noong 2010-2013 at 2019-2022.

# CLEANSING PROCESS BEGINS

FRIDAY, January 6, Philippine National Police chief, Director General Rodolfo Azurin Jr. submitted his courtesy resignation during a press conference held at Camp Crame in Quezon City.

The move came after Department of the Interior and Local Government (DILG) Secretary Benjamin Abalos Jr. appealed to police colonels and generals to do so to rid the police force of those linked to illegal drugs.

PNP Deputy Chief for Administration Lt. Gen. Rhodel Sermonia; Deputy Chief for Operations Lt. Gen. Benjamin Santos Jr. and Chief of the Directorial Staff Maj. Gen. Michael John Dubria has submitted their courtesy resignation, which according to "resigned" Azurin will start the 'cleansing process' in the police organization.

Azurin said told media that the call of Sec. Abalos is a a test of individual

Turn to page 2



*DG Azurin, three other top cops courtesy file resignation*






# Nasugatan sa paputok sa CALABARZON, tumaas ng 840%

**PHILIPPINE Information Agency (PIA)-Cavite –** Umabot na sa 188 tao sa buong Calabarzon ang nasugatan sa paputok mula Disyembre 21, 2022 hanggang Enero 4, 2023.

Mas mataas ito ng 840% o 20 taong nasugatan sa parehong petsa noong nakaraang taon, ayon sa datos ng Department of Health (DOH) sa Calabarzon nitong Enero 4.

Nabatid na nasa white alert status pa rin ang mga ospital sa Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon na lahat medical personnel ay nasa 'on-call status' upang masigurong magagamot ang mga nasugatan sa paputok.

Sa unang pahayag, sinabi ni Dr. Ariel Valencia, DOH Calabarzon regional director na inaasahang mas marami ang masusugatan sa paputok, matapos ang mahigit dalawang taon na mahigpit na quarantine dahil sa Covid-19 pandemic.

Tiniyak ni Dr. Valencia na handa ang lahat ng ospital at mga tauhan nito sa Calabarzon na tumanggap kung may mga pasyenteng masusugatan sa paputok ilang araw matapos ang selebrasyon ng Bagong Taon.

Bago ang pagdiriwang ng Bagong Taon, hinikayat ng DOH-CHD Calabarzon ang publiko na umiwas na sa pagpapaputok at gumamit na lamang ng kapalit ng pampaingay o manood sa mga Community Fireworks Display/ **RUEL FRANCISCO**




*Ipinakikita ni Mayor Jonjon Ferrer (ika-amim mula sa kaliwa) ang kopya ng aprubadong City Ordinance No. 24-46, katabi si Vice Mayor Jonas Labuguen, at iba pang opisyal ng lungsod ng General Trias./ FB City Government of Gen. Trias*

**ni ELI TAPARAN –** HINDI na magbabayad ng business permit ang mga sari-sari stores sa General Trias City.

Ibinalita ito sa wedsite ng Philippine Information Agency-Cavite sa Facebook post nito nitong nakaraang araw na sinasabi: " Mas maalwan na para sa mga maliit na negosyante ang pagbabayad ng kanilang business permit para sa taong 2023, alinsunod sa mga ordinansang inapubrahan ni Mayor Jon-Jon Ferrer.

Sa pamumuno ni Vice Mayor Jonas Labuguen, inaprubahan ng Sangguniang Panlungsod ang City Ordinance No. 22-46 na magbibigay ng libreng permiso para magnegosyo sa mga sari-sari stores sa siyudad.

Ibig sabihin, hindi oobligahin, exempted na ang mga sari-sari store sa lungsod sa pagbabayad ng kanilang business permit.

Sa iba pang lokal na batas na inaprunahan ng SP at pinirmahan ni Mayor Ferrer, bibigyan rin ng Provisional LGU Integrated Permit ang mga Micro, Small, and Medium Enterprise (MSME) upang maipagpatuloy ang operasyon ng kanilang negosyo habangkinukumpleto ang mga kinakailangang business permit, ilan pang dokumento.

Nakasaad ang kaluwagang ito sa MSME sa City Ordinance No. 22-39.

Sa post ng PIA-Cavite, mababasa na mabibigyoan din ng Provisional LGU Integrated Permit ang mga gusaling mababa sa dalawang (2) palapag, at lawak na hindi hihigit sa 500 square meters.

Ayon sa ordinansa, dapat ay walang sagabal sa tao ang anong daan, bangketa ang kinatatayuan ng gusali, at hindi rin maglalagay sa peligro sa kalusugan, kaayusan, at kaligtasan ng publiko.

Kung malinis at walang masamang rekord o walang hinaharap na pormal na reklamo ang mga establisimyento, mabibigyan ito ng Provisional LGU Integrated Permit.

Nilinaw naman ni Mayor Ferrer na hindi kasali sa exemption ang mga negosyo at establisimyentong nagbebenta o nag-iimbak ng mga mapanganib na kemikal, at ng mga kagamitan o makinang may kinalaman sa distribusyon ng tubig at kuryente.

"Maaari namang magtungo ang mga sari-sari store owner sa Business One-Stop, 2nd Floor, Robinsons Place - General Trias upang mag-apply ng barangay business clearance at i-submit ang kanilang valid DTI Registration bilang sari-sari store, gayundin ang picture ng kanilang tindahan," sabi sa social media post ng PIA-Cavite at sa website ng Gen. Trias City Government.

# CLEANSING...

from page 1

character.

" And as an answer, I am taking the lead to submit myself to such evaluation, assessment, and scrutiny by the committee. We, in the uniformed service, are trained and prepared and are expected to prioritize public service over personal interests," DG Azurin said.

He added that he fully support and uphold the guidance of our beloved President Ferdinand R. Marcos Jr. to every policeman" to keep our integrity untainted and to do our best to uphold the moral ascendancy of the PNP and to ensure the continuity of public rapport."

Azurin PNP Internal Affairs Service Director Alfegar Triambulo, a civilian, will also submit a courtesy resignation.

National Capital Region Police Director Major Jonnel Estomo in a press conference at Camp Gen. Karingal said he will also submit his courtesy resignation and urged other top ranking police officers in Metro Manila to heed the appeal of DILG Secretary Abalos.

Estomo who was recently appointed chief of Metro Manila police force said that he will respect those officers who will not heed the appeal for courtesy resignation.

Azurin said all colonels and generals of the police force have until Jan. 31 to submit their courtesy resignations.

Sec. Abalos said that a five-member committee which is independent of both PNP and DILG will be handling the assessment and evaluation process of those officers who had opted to file their courtesy resignation.

"We respectfully demand the members of the said committee to maintain their reputation of impeccable character, probity, fairness, and unquestionable integrity throughout the process," Abalos said.

He said the careers, reputations, families and even lives of these third-level officers, built for 30 years or more,were in their hands.

Azurin said fewer than 10 officials are on the list of those who are allegedly involved in illegal drugs, but he did not name them.


BROTHER'S Paluto kay Lakay

PALUTO KAY LAKAY

219 BLOCK 17 - A, BASECO
PORT AREA, MANILA

FOR RESERVATION • DELIVERY • CATERING • PACK MEAL

SMART: 09102260337
GLOBE: 09353129743

PALUTOKAYLAKAYBASECO

SEAFOODS

| | w/rice (good for 1 person) | Ala Carte (good for 2-3 person) |
|---|---|---|
| Sweet & Sour Fish Fillet | 130 | 230 |
| Calamares | 120 | 200 |
| Breaded Fish Fillet | 120 | 200 |
| Breaded Fish in Butter | 120 | 200 |
| Fish Fillet Tausi | 120 | 200 |
| Fish Fillet w/ Tofu | 120 | 200 |

SEAFOODS (good for 3-4 person)

| | ALA CARTE |
|---|---|
| Squid w/ Broccoli | 200 |
| Squid w/ Ampalaya | 200 |
| Fish Fillet w/ Broccoli | 200 |
| Fish Fillet w/ Ampalaya | 200 |
| Steam Fish Fillet w/Garlic | 220 |
| Shrimp Tempura | 220 |
| Shrimp Ampalaya | 220 |
| Breaded Shrimp | 220 |
| Breaded Shrimp in Butter | 220 |
| Buttered Shrimp | 220 |
| Honey Garlic Buttered Shrimp | 220 |






# Congratz, Mayor Ninong Dino; Mabuhay ka, NE Gov. Oyie Umali



REVANZE

by Domz B. CAOILE

AY ang daming pinerwisyo ng 'inefficient traffic management system' ng e Ninoy Aquino International Airport (NAIA) na ang daming pasahero ang hindi nakalipad pauwi sa bansang pupuntahan, lalo na ang ating overseas Filipino workers (OFWs) na kailangang makabalik sa kani-kanilang trabaho.

Ang mahal pa naman ng re-booking ng flight pabalik sa uuwing bansa, e daan-daan dolyares 'yun, at paano ang mga OFWs na di nakabalik agad sa kanilang trabaho?

Libo-libong pasahero ang nag-New Year sa NAIA sa halip na sana ay kapiling ng kani-kanilang pamilya, o kaya si Madam, Sir OFW ay nasayang nakabalik na sana sa kanilang trabaho.

Paano 'yan, sasagutin ba ng NAIA management ang danyos perwisyo sa mga delayed flights noong nakaraang New Year?

Wala tayong naririnig na public apology ang mga opisyal ng paliparang ito, ay wala nang hiya, panay pa ang pagdadahilan at sinisisi ang ibang tao, e sila ang nakapwesto ngayon, mga P*&^%$#!

Tama lang ang FB post ni Noveleta Mayor Dino Reyes-Chua na 'yung nakaraang pesteng kapabayaan ay siyang 'worst!"

Noon pa sinasabi ni Mayor Ninong Dino na madaliin nang i-develop ang Sangley Airport sa Cavite City na magandang alternatibong paliparan kaysa magsiksikan sa NAIA.

Yes, sang-ayon kami sa sinabi ni Mayor Chua na "Manila Airport Mess is the WORST!"

Mr. President Bongbong Marcos Jr. paki-kastigo naman ang mga tao nyo sa Department of Transportation (DOTr), may hang-over yata o likas na pakuya-kuyakoy lang at nagpapalaki ng yagbols.

Tama po si Mayor Dino, ayusin na, i-develop na, umpisahan nang gamitin ang Sangley Airport.

"Utilize Sangley Airport in Cavite City NOW as an alternate airport to NAIA!! It's just few minutes ride via Naiax-Cavitex ! It can be done!" sabi ni Mayor Dino.

Speaking of Noveleta, congratulations mahusay nyong pamamahala sa munisipalidad.

Tingnan ang dalawang recognition na ibinigay sa bayan ng Department of Trade and Industry (DTI), di ba ang galing-galing ng pamamahala nila, siyempre sa pamumuno ni Mayor Ninong Dino!

@@@

TUMAWID tayo sa Nueva Ecija province na kilala na 'rice granary' natin pero dahil sa maraming lupang palayan ay naiko-convert para gawing komersiyal at subdivision, nabawasan na ang palayan.

Hindi lang sa Nueva Ecija nangyayari ito, kasi natatandaan ko, noong panahon ng yumaong Gov. Johnny Remulla, naging fruits and vegetables basket ang Cavite.

Sagana sa agri products ang Cavite, nagpatayo pa ng maraming irrigation canals para patubigan ang malalawak na palayan, pero ngayon, wala na, di na nagagamit ang mga ito, gawa ng malawakang land conversion.

Sa kanyang Facebook page, nanawagan si NE Gov. Aurelio 'Oyie' Umali sa mga LGUs, lalo na sa city and municipal sanggunian na ingatan ang basta pagbibigay ng exemption and permit sa land conversion para gawing residential and commercial lots, at hindi naman daw siya kontra sa urbanization.



Nueva Ecija Governor
**Oyie Umali**

Maging mapanuri lamang at kung magagawa, mga lupang hindi naman productive ang mai-convert sa ibang gamit.

Ano na po ba ang nangyari sa National Land Use Bill sa Kongreso at Senado: sino-sino ang pumipigil para maging batas ito at nang maging maayos ang pagpapalit-gamit ng mga lupang sakahan.

To Gov. Oyie Umali, mabuhay po kayo, at sana may katulad siyang public servants sa Cavite na may malasakit sa ating mahusay na paggamit sa lupa.

Tungkol sa inyong comment, mag-message lang sa domzcaoile@yahoo.com.







# Pamahiin, tradisyon at Covid-19



AY, BUHAY

by Liza Fe BONETE

TUMALON ba kayo para tumangkad at naghain ba kayong 12 bilog na prutas nu'ng New Year?

Year of the Rabbit ang 2023 at kaya tayo nagpapaputok ng rebentador, nag-iingay tuwing News Year, kasi para raw itaboy ang badf spirit.

Bilog-bilog na polka-dotted na damit ang ipinasusuot para raw dumami ang pera, kumain daw tayo ng malalagkit tulad ng puto, suman, mahahabang pansit at kung ano-ano pang pamahiin o kinamihasnang ugali tuwing Bagong Taon.

Nung bata pa ako, makikitalon din ako pag kumalembang na ng alas 12, e tumangkad ba ako, at 'yung talagang lahi ng mga pandak, bahagya lang tumaas.

Eto, marami pa rin ang mahirap, kahit pa dose-dosenang bilog na prutas at polka-dotted clothes ang isuot.

'Yang mga ganyang 'tradisyon' ay inimbento ng mga negosyante para tayo na may konting naiipong pera ay bilhin ang sinasabi nilang pampaswerte, e sila lang naman talagang business-minded ang naging masuwerte matapos ang gastusan sa buong Disyembre.

Ang daming allergic sa usok at pulburang nasunog ang naospital at inatake ng matinding hika, at may mga nasugatan, naputulan ng daliri o nasunog ang balat gawa ng pyrotechnics na yan.

May nasunugan at nawalan ng bahay dahil sa paputok.

May nabalian ng buto sa katatalon at kumita ang maraming negosyante sa parang baliw tayo sa kabibili ng kung ano-anong promotion at sales talk nila tuwing Christmas at New Years Holidays at sa February 14, ay bilihan naman ng mga bulaklak, red clothes at iba pang disenyong puso at mga pakula kasi, Valentine's Day.

Marami sa tradisyon na ating kinababaliwang sundin -- na dapat au unti-unti na nating alisin -- ay ugaling Pagano, ito ang natuklasan ko sa aking pagbabasa.

Alam na rin ito ng marami sa atin, ngayong mabilis lang magsaliksik kay Mr. Google, Mr. Wikipedia at iba pang online libraries.

Pero sige lang tayo sa pagsunod, kasi, nagpapasaya sa atin,

Pero matapos ang holidays, ano na: ubos ang konting naipon, tinanggap na 13th month pay, at mga natanggap na cash at ngayong taon, may mga baon sa utang o nangungutang lalo na pasukan na naman ng ating mga estudyante.

Salamat naman kung walang nadisgrasya sa ating kapamilya at walang biktima ng karahasan na marami ay naging biktima ng ambush, road mishaps at may mga namatay sa sakit.

Hindi na mawawala ang Covid-19 kahit may bakuna na, tulad ng mga sakit na TB, flu, cholera, polio, dengue fever at iba pang may gamot nang bakuna, naririyan pa rin ang peligro na muling magkasakit.

Kaya, laging maging maingat tayo, at pamalagiing malinis sa katawan at sundin pa rin natin ang health protocols, lalo na at ayon sa DOH, marami ang nagkaka-Covid at may namamatay sa sakit na ito.

We can only praise God The Father for His blessings for up to this day, and hopefully, maka-survive tayo upang mulang magdiwang ng birthdays, anniversaries, iba-ibang celebrations at buhay at malakas sa December 2023 at sa susunod pang mga taon.

Happy New Year!

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

*Publisher:* HENRY E. CAOILE
*Editorial Consultant:* ELI TAPARAN II
*Executive Editor:* DOMZ B. CAOILE
*Special Projects Director:* ADELA R. ZAMORA
*Circulation Manager:* LIZA FE BONETE
*Contributing Writers:* NOLI LIWANAG
LUKAS DA SILVA
GENE T. TAN
ED 'MUTO' G. CUENCA
*Batangas Correspondent:* JOSE ALEX MASBAÑO
*Art & Production Manager:* ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapaninirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

# P292.49-M kinita sa subasta

KUMITA ang Bureau of Customs (BOC) ng P292.49 milyon matapis isubasta ang mga nasabat na kalakal – kabilang ang mamahaling sasakyan, gadget, construction materials, bakal, yero, mga piyesa at iba pa.

Dati, sinisira ng BO ang mga kontrabando at mga kalakal na inabandona ng mga iimporter na nalikom mula Enero-Disyembre ng nakaraang taon 2022.

Ayon sa Aduana, nakapalaman ang mga sinubasta sa 443 container van na matagal nang nakatambak sa mga pasilidad ng BOC.

Ipinasok na sa Bureau of Treasury ang kinitang P292.49-M mula sa subasta.

# Imus City OSCA, mamigay ng ayuda sa mga senior citizen



*Si City Administrator Hertito Monzon, kausap ang dalawang opisyal ng Imus City OSCA sa pamamahagi ng ayuda sa mga senior citizens ng siyudad. /Larawan Imus CIO*

**ni GENE TAPARAN TAN –** Sinimulan na nitong Martes, Enero 3, ang bagong pamamaraan ng pamamahagi ng ayuda, iba pang benepisyo at serbisyo sa mga nakatatandang Imuseno nitong nitong Martes, Enero 3, ayon sa Imus City Information Office (Imus CIO).

Ayon sa balita, humigit-kumulang ay nasa 30,000 ang senior citizens (SCs) na miyembro ng Imus Senior Citizen Association Inc. (IMUSCA) na ngayon ay nakikinabang sa bagong pamamaraan pamimigay ng supbsidy na ginanap sa Old Imus City Hall Building.

Pinangasiwaan ni Office of the Senior Citizens Administration (OSCA) chief Luzviminda Elbinar ang pamimigay ng ayuda na loob ng tatlong araw, Martes, Miyerkoles at Huwebes (Enero 3-5) na sinaksihan ni City Administrator Hertito Monson.

Kabilang sa inabutan ng sunsidy ay 319 na lolo at lola na may kaarawan ngayong Enero, sabi ni Imus CIO.

Inianunsiyo ng OSCA na sinomang lehitimo at rehistradong miyembro ng OSCA na nais maging miyembro ng IMUSCAI ay makipag-ugnayan sa mga opisyal ng kani-kanilang chapter sa tinitirhang barangay.

Isang beses sa isang taon lamang maaaring magparehistro dito.

Kung may nais pang malaman tungkol sa asosasyon, ibinibilin na magpunta sa opisina ng OSCA na nasa Ground Floor, Imus City Government Center, Brgy. Malagasang 1-G.


LUNGSOD NG IMUS 2012 LALAWIGAN NG CAVITE

## IMUS CITY GOVERNMENT CENTER OFFICE DIRECTORY

### LOWER GROUND FLOOR
- CITY PUBLIC LIBRARY
- CANTEEN
- PARKING
- EMPLOYEES WELLNESS CENTER

### UPPER GROUND FLOOR
- CITY TREASURER'S OFFICE
- BOSS – BUSINESS ONE STOP SHOP
- BUSINESS PERMIT AND LICENSING OFFICE
- CITY CIVIL REGISTRY OFFICE
- OFFICE OF THE SENIOR CITIZENS AFFAIRS
- PERSONS WITH DISABILITY AFFAIRS OFFICE
- LOCAL HOUSING BOARD
- FIRST AID STATION/DAY CARE/LACTATION STATION
- CITY SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT OFFICE
- LOCAL ECONOMIC DEVELOPMENT AND INVESTMENT PROMOTIONS OFFICE
- DTI – GO NEGOSYO CENTER
- CITY ASSESSOR'S OFFICE

### SECOND FLOOR
- CITY INFORMATION OFFICE
- CITY SANITATION UNIT
- CITY TOURISM AND DEVELOPMENT OFFICE
- CITY DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT OFFICE
- CITY VETERINARY OFFICE
- CITY OF IMUS COOPERATIVE AND LIVELIHOOD ENTREPRENEURIAL AND DEVELOPMENT OFFICE
- DEPARTMENT OF INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT OFFICE
- POPULATION AND DEVELOPMENT OFFICE
- TRICYCLE REGULATORY UNIT
- CITY AGRICULTURAL SERVICES OFFICE
- CITY OF IMUS TRAFFIC MANAGEMENT OFFICE
- CITY PARKS AND HISTORICAL SITES ADMINISTRATION UNIT
- CITY OF IMUS SPORTS DEVELOPMENT UNIT
- CITY GOVERNMENT OF IMUS EMPLOYEES MULTIPURPOSE COOPERATIVE
- OFFICE OF THE CITY CHAPLAIN
- PUBLIC EMPLOYMENT SERVICES OFFICE
- OFFICE OF THE CITY BUILDING OFFICIAL
- CITY PLANNING AND DEVELOPMENT OFFICE
- ONE-STOP SHOP FOR CONSTRUCTION PERMIT

### THIRD FLOOR
- CONGRESSMAN'S OFFICE/ACTION CENTER
- YOUTH AFFAIRS OFFICE
- CITY BUDGET OFFICE
- CITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE
- COMMISSION ON AUDIT
- HUMAN RESOURCE AND MANAGEMENT OFFICE
- CIVIL SECURITY UNIT
- OFFICE OF THE CITY ADMINISTRATOR
- OFFICE OF THE CITY MAYOR
- CITY ACCOUNTING OFFICE
- BARANGAY ACCOUNTING
- CITY LEGAL OFFICE

### FOURTH FLOOR
- CITY ENGINEERING OFFICE
- CITY ARCHITECTURAL PLANNING AND DESIGN OFFICE
- CITY INFORMATION TECHNOLOGY AND RECORDS MANAGEMENT UNIT
- LOCAL GOVERNANCE RESOURCE OFFICE
- CITY OF IMUS POLYTECHNIC INSTITUTE
- HRMO COMPENSATION AND BENEFITS
- GENDER AND DEVELOPMENT UNIT
- ANGAT IMUS HOMEOWNERS' ALLIANCE, INC.
- SANGGUNIANG PANLUNGSOD SESSION HALL
- HRMO TRAINING CENTER
- GENERAL SERVICES OFFICE

### FIFTH FLOOR
- OFFICE OF THE CITY VICE MAYOR
- OFFICE OF THE SP SECRETARY
- RECORDS AND LEGISLATIVE SECTION
- ABC/LIGA NG MGA BARANGAY NG IMUS
- SANGGUNIANG KABATAAN FEDERATION OFFICE
- COUNCILORS' OFFICE

# Portasol: Tag-init at tag-araw, katuwang sa pagpapatuyo ng produktong ani sa bukid

SA sa tradisyonal na paraan ng pagpapatuyo ng inaning produktong bukid tulad ng palay at mais. munggo at katulad na butil ay ang pagpapatuyo sa init ng araw -- na mura nga, pero paano magpapatuyo kung panahon ng tag-ulan?

Isang problema pa, kinakapitan ng mikrobyo ang pinatuyong pagkain dahil sa pagkalantad sa alikabok at hangin.

Bukod dito, nahahaluan ng iba-ibang uri ng dumi ang pinatutuyong palay sa kalsada, dagdag rito na sa madalas na pagbibilad at pagsasako uli ng palay, kumokonti o nababawasan ito ng mahigit sa 10% -- na malaking kabawasan sa kikitain ng magsasaka.

Nadudurog din ang mga butil at bumababa ang kalidad nito, sanhi ng pagbaba ng presyo.

Salamat sa bagong imbensiyon ni Sir Francisco 'Popoy' Pagayon, ang pangulo ng Filipino Inventors Society Producer Cooperative (FISPC) at ang mga problema sa pagpapatuyo ng mga aning butil ay may solusyon na.

Mabilis,, malinis at ligtas sa dumi at napananatili pa ang kalidad ng mga produktong bukid at isda sa imbensiyon ni Sir Pagayon: ito ang Portasol.

Mas epektibo ito ng dalawa o tatlong beses sa nakagawiang pagpapatuyo ng palay o ng isda na nakabilad sa init ng araw.

Gawa ang Portasol sa aluminum trays at PVC pipes kayat magaan at ligtas ito sa kalawang at madali rin itong linisin.

Mas mataas pa ang drying rate ng palay sa Portasol, bukod sa mas mataas ang recovery kumpara sa iba pang paraan ng pagpapatuyo.

Gumagamit din ito ng natural solar power at conductive din ang material na gamit dito kaya pantay- pantay rin ang pagkalat ng init sa bandehado (tray).

Paano kung tag-ulan?

Gamit ang uling o cinder, mapapainit ang Portasol at may sapat itong espasyo sa pagitan ng bawat trays upang mahanginan ang mga buti na nilalagay rito para maiwasan ang pamumuo ng molds (amag).

May takip ito na pananggalan sa ulan at insekto, at maganda rito, ang Portasol ay hindi kailangan ng malaking espasyo para maitayo.

Madali rin itong bitbitin at ipwesto kaya mas napapabilis din ang proseso ng pag-ani.


Sa Portasol, maiiwasan ang pagkasira

*sundan sa pahina 7*



*Portasol: Imbensiyon ni FISPC President Sir Popoy Pagayon*


## AWS TIPS WHAT TO DO DURING TYPHOON:




- Keep the following items handy in case of a power outage: battery-operated radio, flashlights, spare batteries, rechargeable lamps, and candles.Keep your phones charged.
- Make sure you're not run out of potable water and always have a centralized safe and clean water to avoid any water-borne disease. If none,contact AWS 09279182878/09668963 151
- Secure your important belongings on high ground.
- Keep all food and water containers covered and sealed.

ALFFEJEN WATER SERVICES

Thanks for Choosing AWS (ALFFEJEN WATER SERVICES) because.. "Your health Goal is AWS Goal"

As we experiencing Severe Tropical Storm "Paeng", Filipinos are renowned for being resilient in the face of a storm. All we need to do is be vigilant, alert, social media smart, and most importantly, keep faithful to Our Almighty God.

In addition, always keep a list of emergency phone numbers handy. Remember that flood water can contaminate well water with livestock waste, human sewage, chemicals, and other contaminants that can lead to illnesses when used for drinking, bathing, and other hygiene activities. Dug wells, bored wells, and other wells less than 50 feet deep are more likely to be contaminated, even if damage is not apparent.

If your water comes from a private well that has been flooded, consider the following guidance for making water safe and for emergency water sources until you are certain your water is free of contaminants and safe to drink.

Last but not least, be sure to have an adequate supply of food and clean and safe water in a covered and sealed containers.

If you want to have a AWS CENTRALIZED WATER TREATMENT SYSTEM, simply do a private message or contact us 09279182878/09668963151.

**We Install:**

- Centralized Water Filtration System for HOUSEHOLD, COMMERCIAL & INDUSTRIAL USE.
- Reverse Osmosis System (Purified Water Production) HOUSEHOLD, COMMERCIAL & INDUSTRIAL USE.
- Home and Office Alkaline Drinking Unit
- Alkaline, Purified, and Mineral Water Refilling station.


# REMINDER

## TO ALL BUSINESS OWNERS/OPERATORS

Please file your Business Permit on or before January 20, 2023 to avoid penalty.

Thank you for your continuous support.

PERMIT AND LICENSE DIVISION
INDANG, CAVITE

REQUIREMENTS:

1. Clearances from MPDC, Engineering, MENRO, Sanitary and Fire
2. Barangay Clearance for Business Permit
3. Community Tax Certificate (Sedula)
4. Business Name Registration
   DTI for Single Proprietorship
   SEC for Corporation and
   CDA for Cooperative
5. Financial Statement/Income Tax Return
6. DOLE Accreditation (for Manpower Agency)
7. Contract of Lease & Rental Permit of Lessor (for Lessee)
8. Clearance from Market Administrator (for Market Vendors)
9. Original Special Power of Attorney (if the applicant is not connected to the owner of the establishment) and Xerox Copy of Valid ID with 3 specimen signatures of the owner
10. Authorization letter (if the applicant is an employee of the business establishment) and Xerox Copy of Valid ID with 3 specimen signatures of the owner
11. Other supporting papers as may be required.

# After 41 years, my HS mates meet

**by DOMZ B. CAOILE –** I BELONG to Batch 1981 grads of Angela Valdez Ramos Memorial High School in Asingan, Pangasinan.

Days before Dec. 29, 2022 -- which happened to be my "59th birthday, I received an invitation announcing my high school mates are having a reunion after 41 years.

Aatend ba ako, e ang dami kong "lakad" that day, beside, kaarawan ko at wala naman akong 'datung' at baon sa utang para maghanda.

Thanks to social media, mates whom I haven't spoken to years ago after our graduation, I was lucky to message them, and invited me to our "meet and greet" former classmates: kung makakaharap ko kaya ang mga klasmeyts ko, makilala ko pa kaya sila at makilala pa kaya nila ako.

E, mas pumogi ako kaysa dati, hahahaha.

Will the byutiful girls I had a crush then during our HS days, dumating kaya sila, na kasama ang kanilang mga asawa, at maramdaman ko pa kaya ang kilig na nagpakilig sa akin noong aking kabataan?

The invite said that the reunion will be held at Deocares Resort, Barangay Domampot in Asingan.

Not to disappoint the invite, I reluctantly said, "I will join the reunion kung matatapos ko ang mga transaksiyon na nilalakad ko," at nag-joke ko, 'Birthday ko, may gifts ba sila sa akin?"

I really tried hard to attend to our reunion but 'nada' , I had no time for I was so busy,

One classmate -- di ko na sasabihin kung sino siya -- told me that they were excited to see me, kasi in high school, I was the 'Cool Kid', he told me.

Ganu'n, hindi naman: Tahimik lang ako, not so bright but not so dull in school: am just an ordinary kid trying hard to pass my subjects and my big fream them was just to graduate.

I was told, the reunion was the brainchild of Batch 81 who were all bigtimers from abroad: nag-ambagan sila, at naging masaya, punumpuno ng kuwentuhan, kantyawan, tawanan at balitaan at pag-alala sa mga kalokohan na pinaggagawa noong aming high school days.

Sana, next time, pag nag-reunion uli, makasama na ako, and look at these beautiful photos of my schoolmates, ang saya-saya ng mga ngiti nila and I can say, they are all warriors and survivors in this battle of Life.

Mabuhay kayo, tayong lahat at sana, this 2023, magwagi uli tayo sa pakikibaka sa mga haharaping mga problema, at mapagtagumapayan natin ang lahat ng pagsubok sa buhay.

Happy, happy, happy New Year, mates!






























# Planong proyekto ng Kawit Fire Marshall sinuportahan ni Mayor Aguinaldo

**ni GENE TAPARAN TAN –** Masiglang tinanggap ni Kawit Mayor Angelo Aguinaldo ang bagong hirang na hepe ng Bureau of Fire Protection nang dumalaw ito sa kanyang opisina, at inilahad ang mga plano na nais ipatupad upang mas maging mahusay ang pagmamalakad sa mga estasyon ng pamatay-sunog sa munisipalidad.

Naitalagang Kawit Fire Marshal si Captain Precious Petalio.

Sa pag-uusap, sinuportahan ni Mayor Aguinaldo ang mga panukala nais ni Petalio upang mas mabilis na makatugon ang mga bumbero kung may mangyaring sunog sa bayan.

Napagkasunduan ang pagpapaayos ng estasyon ng pamatay-sunog sa Barangay Potol at Binakayan at ang posibilidad ng pagbili ng modernong fire truck para sa mas mabilis na kilos sa pagliligtas ng buhay ng tao at ari-arian sakaling magkasunog.

"Kasama ang ating bagong Fire Marshall Petalio, atin pong pagubutihin pa ang ating serbisyo para sa ating mamamayang Kawiteno," sabi ni Mayor Aguinaldo.

Kasama sa pagbisita ni Petalio ang pinalitan nitong Fire Marchall Capt. Armand Lee Andres na pinasalamatan ng alkalde sa mahusay na epektitong lingkod mamamayan sa Kawit sa nakaraang mga taon.




*IPINALILIWANAG ng bagong talagang Kawit Fire Marshal Captain Percious Petalio (bahagyang natatakpan) kay Mayor Angelo Emilio Aguinaldo (gitna) ang mga plano na nais niyang ipatupad upang maging mas epektibo ang operasyon ng Fire Stations sa munisipalidad ng Kawit.*

*Pinasalamatan ni Mayor Aguinaldo si Fire Marshal Capt. Armand Lee Andres (kanan) na madedestino sa ibang bayan.*

# Portasol...

*mula sa p.5*

o pagkabulok ng mga ani -- na malaking tulong sa mga magsasaka.

Kasalukuyan, mayroon nang 300 piraso ng Portasol na gawa ni Sir Pagayon ang naipamahagi sa tulong ng Department of Science and Technology (DoST) na kabalikat sa pagbibigay ng ginhawang imbensiyon sa ating mga magsasaka at mangingisda at sa Small Medium Entrepreneur.

Inaanyayahan ng DoST-RO2 ang mga magsasaka, mangingisda at SMEs na tangkilikin ang Portasol sa pagpapatuyo ng kanilang mga produktong bukid at mga isda.

Dahil sa malinis, mabilis, at may kalidad na resulta ang pagpapatuyo na gamit ang Portasol ni Sir Pagayon, maaasahang mas malaki ang maiuuwing kita ng mga magsasaka at mangingisda sa kani-kanilang pamilya./BANTAYBALITA

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE JOAQUIN A. MOJICA

NOTICE is hereby given that the estate of the late **JOAQUIN A. MOJICA,** who died on August 7, 2021 at Banaba Lejos, Indang, Cavite, left parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. Carp 20180000007, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Fe B. Anonuevo, under Doc. No. 4591, Page No. 92, Book No. 148, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 2, 9 & 16, 2023**

## EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE CORNELIO A. MOJICA

NOTICE is hereby given that the estate of the late CORNELIO A. MOJICA, who died on August 12, 2018 at Banaba Lejos, Indang, Cavite, left parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. Carp 2018000005, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Fe b. Anonuevo, under Doc. No. 462, Page No. 93, Book No. 148, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 2, 9 & 16, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE EDWIN UMALI RIVERA

NOTICE is hereby given that the estate of the late **EDWIN UMALI RIVERA,** who died on May 11, 2017 at Paris died intestate without Will or Testament, and without any outstanding debts in favor of any person or entity, left a parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. T-68656 located at La Trinidad Subd., Cabuco, Trece Martires City, Cavite measuring SEVENTY FIVE (75) SQUARE METERS more or less, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 431, Page No. 88, Book No. XXII, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 26, 2022, JANUARY 2 & 9, 2023**

## DEED OF EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE

NOTICE is hereby given that the estate of the late **KENNETH M. PARRA,** who died on November 24, 2022 at Gentri Medical and Hospital died intestate without leaving any last will or Testament, and without any outstanding debts, left a Bank Account maintain with BDO Unibank, Inc. branch of Tagaytay Mendez Junction Branch, in the amount of fifty-one thousand eight hundred twenty-six pesos and eighty-eight centavos only (Php 51,826.88), was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Valentin C. Guanio, under Doc. No. 310, Page No. 63, Book No. CCIV, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 26, 2022, JANUARY 2 & 9, 2023**






# Integridad itinaya sa kusang pagbibitiw sa tungkulin

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 14 10.00 JANUARY 2 - 8, 2023



**THE PUBLISHER**
by Henry E. CAOILE

HINAHANGAAN natin ang kababayan nating si Lt. General Rhodel Sermonia na nag-submit ng kanyang courtesy resignation, ayon sa pakiusap ni DILG Sec. Benhur Abalos Jr. na paniwala natin, hindi siya kailanman nasangkot sa ilegal na droga.

Sumabay si Sir Sermonia sa pagbibitiw ni Chief PNP Director Gen. Rodolfo Azurin Jr. at isa pang mataas na opisyal at dito, makikita natin ang kanilang integridad at mataas na prinsipyo bilang gentleman and officer ng PNP.

Lahat ng full colonel at general sa PNP ay pinagsusumite ni Abalos ng courtesy resignation na sabi, sila ay umaabot more or less sa 900 officers.

Sa presscon kasi ni Interior Sec. Abalos, sinabi niya na mahirap ang laban sa ilegal na droga kung ang matatapat na low ranking and non-commissioned police officer na inilalaban ang buhay ay ang kalaban ay mismong mga "boss" nila.

Hati ang bayan sa taktikang ito ni Abalos pero sa paningin ko, ang ginawa niya ay isa sa hakbang para malinis ang PNP sa mga bugok na itlog at ang susunod, sa paniniwala ko, inihahahnda na ng DILG, PNP at ng Justice Department at ng Ombudsman ang pagsasampa ng kaso laban sa mga pulis na kasangkot sa narco trade.

Nalaman natin, 'yung mga pulis na tatanggapin ang courtesy resignation ay tatratuhin na parang nagharap ng 'early retirement' at matatanggap ang full benefits nila at hindi na sasabihin kung ano ang kinalabasan ng pag-iimbestiga sa kanila.

Mabigat na trabaho itong paglilinis, kasi kailangang hindi lamang probable cause kungdi matitibay na ebidensiya ang ihaharap laban sa mga sinasabing 'ninja cops' ng PNP.

Siguro, sa regional and provincial level ng PNP, maglinis na rin para maibalik ang tiwala ng bayan sa ating mga pulis at ipakita nila, sila nga ay mapagkakatiwalaan "to serve and protect the Filipino people."

@@@

THOUGH late, nais kong mainit na batiin ang tatlo nating Cavite representatives na kinilalang ' 2022 top performing lawmakers in Region IV-A Calabarzon, ayon sa ginawang survey ng RP-Mission and Development Foundation, Inc.

Sa survey ng RPMDFI, sa buong rehiyon, naka-score ng 95 percent si District 2 (Kawit, Noveleta, Rosario, Cavite City) Representative Jose Lorenzo 'Jolo' Bautista Revilla 3rd; kumuha naman ng 84% si District ( Tagaytay City, Alfonso, Magallanes, Maragondon, Mendez, Naic, Ternate) Rep. Aniela Tolentino at nakakuha naman ng 82% si Atty. Loyola ng 5th District (Carmona, Gen. Mariano Alvarez at Silang).

Ginawa ang survey sa mga probinsiya ng Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon --na ayon sa RPMDFI, No. 1 top performer si Revilla; top 5 si Tolentino at top 6 si Loyola.

Mula sa kilalang angkan ng mga politiko sa Cavite si Jolo na tatlong ulit na nahalal na vice governor ng Cavite.

Si Aniela ay anak ni Tagaytay City Mayor Abraham 'Bambol' Tolentino at si Loyola naman ay dati nang kongresista at ilang ulit na naging alkalde ng Carmona.

RMPDI sa pamamagitan ng 'Boses ng Bayan' ay tinanong ang 10, residente ng Calabarzon kung sino sa paniniwala nila ay nakagawa ng mahusay bilang mambabatas bago matapos ang taon.

Congratulations, mabuhay po kayo, Cong. Jolo Revilla, Congw. Aniela Tolentino, Cong. Roy Loyola.



*Pinahanga mo kami, Sir Lt. Gen. Sermonia*



**1st District Representative**
**Jolo Revilla**



**8th District Representative**
**Aniela Tolentino**



**5th District Representative**
**Roy Loyola**

# China ready to resume oil and gas talks with the Philippines

*from page 1*


problem than what we already have," Marcos told reporters.

Marcos said he received Xi's promise for a compromise and solution that could allow Philippine fishermen to operate In their historic fishing grounds.

While the Philippines is a defence ally of the United States, under previous leader Rodrigo Duterte it set aside a territorial spat over the South China Sea in exchange for Chinese investment.

Xi told Marcos on Wednesday that China is willing to jointly explore oil and gas resources in the non-disputed areas of the sea, cooperate with the Philippines on solar and wind energy, and increase imports of fishery products.

The two countries signed 14 bilateral agreements on Wednesday, including deals on agriculture, infrastructure, development cooperation, maritime security, and tourism, among others, the Philippines' presidential office said in a statement.



*Philippine President Ferdinand Romualdez Marcos shakes hands with China President Xi Jinping while. extreme left, First Lady Liza Marcos looks on. At far right, China First Lady Peng Liyuan./ Reuters*